

LIWANAG AT LINGAP: RELIEF PACKS DISTRIBUTION

MAHIGIT 1,000 na relief packs ang ibinigay ng Department of Social Welfare and Development at ni Senator Risa Hontiveros para sa mga Calapeñong mangingisda na naapektuhan ng oilspill, ika-20 ng Abril.

N a s a

1,137 katao ang nabigyan ng nasabing relief packs at ang mga ito ay mga taga-Barangay Pachoca, Ibaba East, Ibaba West, Tibag, San Antonio, Salong, Calero, at Lazareto — mga coastal barangay.

P i n a m a h a l a a n naman ng Pamahalaang Lungsod sa pam-

munuan ni Ms. Juvy Bahia at Community Affairs Office sa pangunguna ni Mr. Avelino P. Tejada, kasama ang staff ni Senator Risa Hontiveros na si Ms. Jane Claudine Tabo.

Ayon kay Mayor Marilou Flores-Morillo, hindi pa maaaring kumain ng mga isda na mula sa karagatan ng Calapan o kahit ang maligo sa dagat dahil lumalabas sa mga tests ng BFAR at DENR na kontaminado pa rin ang mga ito ng oilspill.

Dagdag pa niya ay patuloy na gumagawa ng paraan ang Pamahalaang Lungsod upang makapagbigay ng ayuda sa mga naapektuhan ng oil spill. (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

a m a g - itan ng City Social Welfare and Development na pinamu-



SERBISYONG TAMA PARA SA BARANGAY STA. ISABEL AT BAYANAN I, IPINAGKALOOB NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG CALAPAN



KATULAD NG SINABINOON ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, nais niyang ibaba ang iba't ibang serbisyo sa mga barangay rito sa Calapan, para sa kapakanan ng mga mamamayan, kaya naman sa pagpapatuloy ng programang “Serbisyong TaMa para sa Barangay Caravan”, sa pangunguna ng Butihing Ina ng Lungsod, nagtungo ang mga kawani ng Pamahalaang Lungsod sa Barangay Sta. Isabel, upang muling maghatid ng serbisyo, para sa taumbayan, kasama ang mga mamamayan na mula sa Bayanan I, noong ika-24 ng Abril.

Kasama sa Barangay Caravan ang City Treasury Department, City Assessor Department, City Legal Department, Business Permit and Licensing Office, City Health and Sanitation Department, City Social Welfare and Development Department, City Civil Registry Department, Person with Disabili-

ty Affairs Office, City Veterinary Services, City PESO, Socialized Medical Health Care Office, Office of the Senior Citizens Affairs, at City Agricultural Services.

Narito rin ang Social Security System (SSS), DTI, Bureau of Fire Protection, Pag-IBIG Fund, PhilHealth, Philippine Identification System (PhilSys), LTO Calapan, at Philippine National Police Calapan City Police Station.

Kasabay ng pagbibigay ng serbisyo ay nagkaroon din ng “Sectoral Consultation” na isinagawa sa pangunguna ng Punong Lungsod, kasama ang mga Hepe ng bawat departamento, kung saan ay nabigyan ng pagkakataon ang Sangguniang Barangay, at ang mga kinatawan ng bawat sektor na mapag-usapan ang kanilang mga pangangailangan, at mga suliraning dapat bigyang pansin (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER
 RUEL T. LANDICHO
 PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
 EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
 OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
 ANTON VIKTOR LANDICHO
 STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
 LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUUND AL USSAM
 LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
 EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com
 WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



PRINTING & LETTERPRESS PRINTING • CAPLET & LETTERPRESS PRINTING • CRISLET & LETTERPRESS PRINTING

SINAG PUBLISHING AND PRINTING

SINAG PRINTING PRESS

Parian Nat'l Highway, Calamba City, Laguna
 Contact us: Telefax: (049) 834-6261 • Mobile: 09205819079
 Email add: tambull_press@yahoo.com.ph

For you commercial print needs!
 Books, yearbooks, marketing collaterals
 www.sinagprintingpress.com
 sinagprinting@gmail.com / 09175668361



TINGNAN: Isa sa lahat ng kabataang todong suporta ng tampok na gawain sa Mindoreño. Ama ng Lalawigan pagbubukas ng Provincial Meet 2023 Pampa-good hindi lamang sa mga ang live performance mga manlalaro bago kundi sa lahat ng ng sikat na sing- ang pagsisimula ng mamamayan na du- er-composer at actor tagisan ng husay sa mayo pa sa Sports na si Rico Blanco bil- iba't ibang sports. Complex mapanood ang handog ni Govern- bahagi rin ito ng or sa mga manlalaro bago kundi sa lahat ng mamamayan na du- mayo pa sa Sports Complex mapanood ang kanilang idolo.



JOINT MONITORING AND INSPECTION TEAM (JMIT), NAGSAGAWA NG MASINSING PAGSUSURI SA MGA TINDAHAN SA CALAPAN

SA KAGUSTUHAN ng kasalukuyang administrasyon na masigurado ang kaligtasan ng mga mamimili at maging patas sa lahat ng mga nagtitinda, nagsagawa ng inspeksyon ang mga kawani ng Pamahalaang Lungsod sa mga establisimento/tindahan sa Lungsod ng Calapan, sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng iba't ibang departamentito, sa pangunguna ng mga Hepeng namamahala rito, naganap noong ika-25 ng Abril.

Kinausap din ang mga nagtitinda sa bawat Barangay, upang maipaunawa sa kanila ang kahalagahan ng pagtitinda sa tamang lugar, gayundin ang pagtalima sa mga ordinansang makatutulong para sa ikabubutini, at maging sa kaligtasan ng mga konsyumer, kaya naman inaanyayahan din ang ilan sa kanila na bumalik muli sa Pampublikong Pamilihan ng Lungsod.

Samantala, nakiisa sa aktibidad na ito sina City Administrator Atty. Reymund Al F. Ussam, City Legal Officer Atty. Rey Daniel Acedillo, City Health and Sanitation Officer Dra. Basilisa M. Llanto, City Public Safety Officer Mr. Nelson 'Choy' V. Aboboto, at City

Manager Enp. Nepo Jerome G. Benter, kung saan ay narito rin si DILG City Director Mr. Ivan Stephen Fadri. Katuwang din dito ang Bureau of Fire Protection (BFP) MIMAROPA, at ang Calapan SWAT Team.



Economic Enterprise Manager Enp. Nepo Jerome G. Benter, kung saan ay narito rin si DILG City Director Mr. Ivan Stephen Fadri.

Katuwang din dito ang Bureau of Fire Protection (BFP) MIMAROPA, at ang Calapan SWAT Team.

Services Department na pinamumunuan ni Dr. Feby Dar C. Maglicmot, at City Treasury Department na pinamumunuan ni Mr. Nicasio D Catapang, kasama ang Bureau of Fire Protection (BFP) MIMAROPA, at ang Calapan SWAT Team.

Sa kasalukuyan, patuloy pa rin na sinisikap ng Pamahalaang Lungsod sa pangunguna ni Cty Mayor Marilou Flores-Morillo na matulungan ang mga mamamayan, upang masolusyunan ang mga suliranin sa Lungsod (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).

LAUNCHING OF TUPAD TRAINING CUM-PRODUCTION AND SIGNING OF MEMORANDUM OF AGREEMENT 2023

DUMALO AT NAKIISA si City Mayor Marilou Flores-Morillo, kasama si Provincial Governor Hon. Humerlito 'Bonz' A. Dolor sa isinagawang paglulusad ng "TUPAD Training Cum-Production and Signing of Memorandum of Agreement", para sa mga Mindoreño, kasama ang mga Calapeñong fisherfolks na kapwa apektado ng kasalukuyang oil spill, ginanap sa Calapan City, Convention Center noong ika-24 ng Abril.

Tampok ngayong araw ang itinuturing na isang makasaysayang pangyayari, kaugnay sa isinagawang paglagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA), sa pamamagitan ng pakikilahok ng iba't ibang ahensya sa Lokal at Nasyunal na Pamahalaan, sa pangunguna nina Department of Labor and Employment (DOLE) Secretary Bienvenido E. Laguesma, Technical Education and Skills Development Authority (TESDA)



Director General Danilo P. Cruz, at Department of Tourism (DOT) Secretary maria Esperanza Christina G. Frasco, katuwang ang Pamahalaang Panlalawigan ng Oriental Mindoro, at ang Pamahalaan ng Lungsod ng Calapan.

Nilalayan ng mga programang nakapaloob dito na matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan sa usaping pangkabuhayan, sa pama-

magitan ng pagsasanay at pagbibigay ng mahahalagang kaalaman na kanilang magagamit sa paghahanap-buhay.

Samantala, kasama rin sa naging aktibidad na ito sina DOT Undersecretary Atty. Shereen Gail C. Yu-Pamintuan, DOLE Regional Director Naomi Lyn C. Abellana, TESDA Deputy Director General Aniceto Bertiz III, at TESDA Regional Director Angelina

M. Carreon.

Bukod sa presensya ng butihing Punong Lungsod ng Calapan, at ng iba pang mga kawani na mula sa Pamahalaang Lungsod, buong puso ring nakiisa rito ang mga Municipal Mayor na sina Mayor Henry Joel C. Teves ng Naujan, Mayor Jennifer "Ina Alegre" Cruz ng Pola, Mayor German 'Bitoy' D. Rodegerio ng Gloria, at Mayor Ferdinand 'Totoy' M. Malin-

wanag ng Mansalay, kung saan ay kasama rin nila rito ang mga kinatawan ng iba pang Municipal Mayors, at maging ang iba pang mga opisyal at kawani.

Kaugnay sa naging matagumpay na gawain, lubos na nagpapasalamat ang mga dumalong benepisaryo ng programa, dahil itinuturing nila itong malaking tulong para sa kanilang pamilya. (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).

CALAPAN CITY ATHLETICS MEET AWARDING CEREMONY

MATAPOS ang apat na araw ay nakilala na ang mga mag-aaral na atletang nanguna sa iba't ibang larangan ng isports at ang distrito o klaster na nangibabaw sa Calapan City Athletic Meet 2023 na ginanap sa Oriental Mindoro National High School, ika-25 hanggang ika-28 ng Abril.

Sa elementarya, muling nakuha ng Calapan West District ang kampana na nakapyonato

kuha ng 58 gold, 34, silver, at 18 bronze medals.

Samantala, itinanghal na 1st Runner Up ang Calapan East District at 2nd Runner Up naman ang Calapan South District.

Pagdating sa sekondarya, Over-all Champion and Cluster 3 o Oriental Mindoro National High School na nagkamit ng 72 gold, 64 silver, at 43 bronze

medals.

Sa kabilang banda, 1st Runner Up ang Cluster 4 at Cluster 1 naman ang naging 2nd runner up.

Sunod na paghahandaan naman ng mga atletang nagwagi sa City Meet ang MIMAROPA Regional Athletic Meet 2023 na gaganapin sa Rombon at ayon kay City Education Officer Myriam Olalia, naglaan muli ng

mahigit Php 3M ang Pamahalaang Lungsod para dito bilang suporta sa mga mag-aaral na atleta.

Naroon naman bilang kinatawan ni City Mayor Marilou Flores-Morrillo si City Administrator Atty. Reymund Al Usam at si Ms. Myriam Olalia ng Education Department.

Ang Calapan City Athletics Meet 2023

ay pinangunahan ng Department of Education – Calapan City, sa ilalim ng pamumuno ni Schools Division Superintendent Susana M. Bautista at ni Asst. SDS Dr. Cynthia Eleonor G. Manalo, at naging katuwang nila ang Pamahalaang Lungsod sa pamamagitan ng City Education Department at City Youth, Sports and Development Department (Thea Marie J. Villadolid / CIO).

